# KAPASIYAHAN BLG. 2021-62

**"NAGPAPATIBAY SA APPROPRIATION ORDINANCE NO. __, S-2021 NG BARANGAY BUISAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (SUPPLEMENTAL BUDGET) PARA SA TAONG 2021 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA DAAN ANIMNAPU'T DALAWANG LIBO, ISANG DAAN TATLUMPU'T SIYAM NA PISO AT WALUMPU'T ANIM NA SENTIMO (PHP662,139.86)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By: Jane
Date: SEP 30 2021
Time:

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Buisan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng PhP662,139.86;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng bawat mamamayan ng Barangay Buisan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Barangay Buisan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Appropriation Ordinance No. __, S-2021 ng Barangay Buisan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang gugulin (*supplemental budget*) para sa taong 2021 na nagkakahalaga ng Anim na Daan Animnapu't Dalawang Libo, Isang Daan Tatlumpu't Siyam na Piso at Walumpu't Anim na Sentimo (PhP662,139.86).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-10 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin S.J.Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim